

Chapter One



“Hi, Mi,” masayang bati ni Ann sa kaibigang nadatnan sa kanilang apartment, si Minnie Lopez. Cebuana ang babae, medyo chubby at hindi katangkaran, pero maganda ang mukha.

“Happy birthday, friend,” bati ni Minnie sabay halik sa kanyang pisngi. “Aba, ang ganda ng mga bulaklak na iyan. You have an admirer na hindi namin alam?”

Natawa siya. “Sino naman? Bigay ito ng boss ko. At tinaasan din niya ang sahod ko.” Abot hanggang giligid ang ngiti niya. Ipinatong niya ang bouquet sa center table at tumabi kay Minnie sa sofa.

Nagtatrabaho siya bilang executive secretary ni Mike Hernandez, ang may-ari ng popular na fine-dining restaurant chain, ang *Manila Palace*.

“Really? Ang sweet naman niya.”

“Ano ka ba? Hindi siya ang personal na nag-abot ng bulaklak, ’no! Taga-flowershop ang naghatid nito sa office. Still, I agree it’s very nice of him to bother. Sa twenty-eight years ng buhay ko, ngayon lamang ako nakatanggap ng flowers galing sa isang guy.”

“At sa guwapo niyang boss mo, kikiligin ako kung ako ang binigyan niya ng flowers,” ani Minnie.

Hindi nag-react si Ann sa guwapo part. “I’m a valuable employee kaya lang siya mabait sa akin. Almost two years na akong nagtatrabaho sa kanya.

Ako lang yata ang nakatagal nang ganito. Tatlo ang naging sekretarya niya bago ako, walang lumampas ng six months ni isa sa kanila. They were all fired.”

Minnie smiled. “You’re either valuable or a saint. Ano ba ang meron sa boss mo at mahilig siyang magsisante?”

Ngumiti siya. “Hangga’t di niya ako dinidispatsa, hindi ko malalaman. Si Lucy ’andiyang na ba?” tukoy niya sa isa pa nilang kaibigan at kasama sa apartment.

Si Lucy Mendoza ay taga-Negros, pang-beauty queen ang ganda at height.

Naging kaibigan niya ang dalawa nang magkakilala sila sa isang tree planting activity sa environmental organization. They became close friends. Nang magtagal, napagdesisyunan nilang tumira sa three-bedroom apartment na iyon sa Ortigas.

“Wala pa. Labas ba tayo ngayong gabi?”

“Syempre. Magse-celebrate tayo. Nagpadala nga ako sa ’min para ’ka ko kung gusto ring maghanda ng pamilya ko,” pahayag niya.

“You’re a good sister. Sila palagi ang inuuna mo kaysa sa sarili mo,” puri ni Minnie sa kanya. Alam nitong si Ann ang nagtataguyod sa mga kapatid para makapag-aral ang mga ito. Ulila na kasi sila sa mga magulang. “Ann?”

Bumaling siya rito mula sa pagkakatingin sa mga bulaklak sa unahan niya. “Hmm?”

“Ipakilala mo kaya kami sa boss mo. Ang

guwapo niya talaga d'un sa picture niya sa article na nabasa ko. May girlfriend ba siya ngayon?" Minnie asked, giggling.

"I... don't really know," maingat niyang sagot. Alam niyang nakasalalay ang trabaho niya sa kakayahan niyang mag-ingat ng mga classified na bagay. Baka kaya nasisisante ang mga nauna sa kanyang *secret-ary*. Masyado sigurong tsismosa.

"Eh, ikaw, hindi ka ba nagaguwapuhan sa boss mo? Aren't you affected at all gayong magkasama kayo sa work everyday?"

She blushed. "He's attractive, but so what? Sampu-sampera ang guwapo at hot sa mundo ngayon." Nagkibit- balikat siya. "Bakit, ikaw ba affected sa guwapo mong boss?" ganti niyang tanong.

Boss ni Minnie si Tony Mercado, ex-bf ni Lucy. Na-meet na niya ang lalaki dahil kaibigan ito ng boss niyang si Mike.

"Guwapo si Boss Tony, pero hindi ako affected dahil hindi ko siya type at obviously hindi rin niya ako type."

Noon pumasok sa main door si Lucy at binati rin siya nito ng happy birthday. Sumiksik ito sa tabi niya sa sofa.

"May balak ka bang bisitahin ang pamilya mo sa Davao anytime soon?" ani Lucy.

"Baka sa Christmas na lang," sagot ni Ann. "Miss ko na nga sina Elena at Bernard," tukoy niya sa mga kapatid na fourth year at first year college

respectively.

“Sabagay, pandagdag na lang sa tuition fee at gastusin ang ipapamasahe,” saad ni Minnie.

“Kaya nga malaki ang pasalamat ko sa trabaho kong ito.” Pang-third job na niya ito. Working for Mike Hernandez suited her perfectly, huwag lang umeepal ang ilusyunada niyang puso. Tumayo na siya para pumasok sa kanyang silid. Sinabi niya sa dalawa na aalis sila after an hour.



Hindi maluhó si Ann sa mga bagay-bagay, kung ano lang ang kailangan ay iyon lang binibili niya. Wala siyang fashion sense, unlike her two friends. Kung ano ang komportable, iyon ang isinusuot niya.

Nahihiya siyang aminin sa mga kaibigan na in love siya sa kanyang boss. Matagal na siyang may nararamdaman para kay Mike, sobrang nahulog lang siya kanina nang matanggap niya ang napakagandang bouquet of flowers.

Hanga na siya kay Mike mula pa nang magsimula siyang magtrabaho para rito. Sinikap niyang iwaksi ang damdaming iyon ngunit hindi siya nagtagumpay. She liked him more and more habang nagdaraan ang mga araw, at habang lalo niya itong nakikilala. She admired not only his good looks but also his dedication toward his business.

Nahihirapan siyang mag-pretend everyday na wala siyang ibang damdamin para rito bukod sa professional courtesy. Aware si Ann kung gaano siya kaapektado tuwing magkakalapit sila, sa

bawat tingin nito sa kanya, tuwing naaamoy niya ito. Matangkad, makintab ang itim na itim na buhok, umaapaw ang karisma, perpekto ang pangangatawan. Napapikit siya habang naiisip na nakatayo ito sa kanyang harapan.

Her boss was her weakness. At kailangan niya itong isaisantabi. There were more important things than falling in love with the wrong man. *Wrong* dahil alam niyang napakaimposible na mapansin siya nito. Sa dami ba naman ng mga babaeng tumatawag sa opisina, idagdag pa iyong hindi mapagsabihan na huwag pumunta dahil busy ito.

Pero ano ang magagawa ni Ann? Alangan namang mag-resign siya para lang mapigilan ang sarili? Kalokohan naman iyon. Ang dapat niyang alalahanin ay ang pamilyang sinusupportahan. Isa pa, hindi naman siya papansinin ng amo. Bakit ba mahirap turuan ang puso?



Nasa bar si Mike kasama ang dalawang kaibigang sina Olsen at Tony. Pamangking buo ni Tony si Olsen ngunit dahil magkakaedad lang halos silang lahat, di nagpapatawag ng 'uncle' si Tony.

Anak ng isang American businessman si Olsen sa ate ni Tony. May-ari ng isang hotel chain ang pamilya ni Olsen. CEO naman ng sariling kompanya si Tony.

High school pa lamang ay magkakaibigan na sila. Mike lost contact with the two nang makaranas ng matinding pagsubok ang kanyang pamilya.

Bukod doon, sa US halos namalagi ang mga ito. Nagkita sila ulit sa isang reunion at naging malapit muli mula noon.

Pare-pareho silang thirty-four, wala pang asawa. Si Tony, may nobya. Nang dumating ang babae kasama ang isa pa nitong girl friend, naiwan na si Mike mag-isa. Mayamaya pa ay napagpasyahan na niyang umuwi.

He was opening his car nang may dalawang lalaki na umatake sa kanya mula sa likuran. Naramdaman niyang may pumalo sa kanyang ulo at nawalan na siya ng malay.

Someone splashed him with water na siyang nagpagising sa kanya. Natagpuan ni Mike ang sarili na nakaupo sa isang silya.

May tatlong lalaking nakamaskara na nakapaligid sa kanya. He was in an empty room. Ikinurap-kurap niya ang mga mata. May nag-iisang ilaw sa ulunan niya.

“Finally, nagising ka na rin,” the biggest man of the three said.

“Nasaan ako?” His mind was still foggy. He had a headache. Napahawak siya sa ulo.

“Nasa teritoryo kita, Mr. Hernandez. Tuturuan lang naman kita ng leksyon.” May galit sa tono ng lalaki.

“Leksyon?”

“Akala mo sa sarili mo, nakukuha mo lahat ng babae? Nagkamali ka ng tinalo.”

“What the hell are you talking about? Sinong

babae ang tinutukoy mo?” he snapped. Tatayo sana si Mike pero natuklasan niyang nakatali siya. Nahihirapan siyang i-focus ang mga mata.

“She’s my childhood sweetheart. I’m in love with her. Tatanggapin na sana niya ang proposal ko pero nakilala ka niya. You flirted with her that’s why she changed her mind about me. Ikaw ang gusto niya at naging kayo, ngunit gaya ng iba mong nakarelasyon, hiniwalayan mo siya nang magsawa ka na. Akala ko babalik siya sa akin ngunit hindi. Ikaw pa rin ang gusto niya. And she wants you back! She’s obsessed with you.”

“Pinaparusan mo ako dahil ayaw ng babae sa ’yo?”

“Sinira mo ang lahat para sa akin. Siya lang ang babaeng minahal ko simula pa nang mga bata pa kami. She’s all I want. Nang dahil sa ’yo, ayaw na niya sa akin,” singhal ng lalaki at sinuntok ang kanyang mukha.

Pinagtulungan siyang bugbugin ng tatlong lalaki hanggang sa mawalan siyang muli ng malay.



Nagising si Mike na nakahiga sa backseat ng kanyang kotse. Maliwanag na sa labas. Napangiwi siya at napaungol sa sakit. Mahapdi ang kanyang mukha at tila namamaga ang kanyang mga mata na halos hindi na niya maimulat. Masakit ang kanyang buong katawan. Saka niya naalala ang nangyari sa kanya kagabi.

Sinubukan niyang umupo at minsan pa ay

napaungol sa sakit. Every part of his body hurt. Naka-park ang kotse niya malapit sa condominium building niya. Mike realized that the men had not meant to kill him dahil 'inihatid' pa siya pauwi.

Napamura si Mike nang malakas nang mahirapan siyang gumalaw. Sana matandaan pa niya kung ano ang pangalan ng babaeng ipinagmamaktol ng lalaking nanggulpi sa kanya. Sa gayon, mati-trace niya ang taong may kagagawan ng sinapit niya.

His car keys were still in his pocket. Nag-drive siya papunta sa basement parking ng condo building. Nahirapan siyang umakyat sa kanyang unit at mabagal na pumasok doon. He collapsed on the couch. Ayaw na niyang gumalaw pa ngunit parang kailangan niya ng doktor. Hindi niya mahanap ang kanyang cell phone. Either nahulog sa kotse o kinuha rin ng mga nambugbog sa kanya.

He managed to get to the cordless phone on a side table at tinawagan ang kanyang executive secretary. Sinabi niyang magpahatid ito sa company vehicle at sunduin ang family doctor ng mga Hernandez at samahan ang matanda sa condo unit niya.

Parang nataranta ang empleyada sa ipinag-uutos niya. Napakunot-noo ang binata, medyo nagtaka. Ann was usually self-possessed, almost indifferent. Sinabi niyang hindi siya makakapasok at inutusan si Ann na ihatid sa unit niya ang mga papeles na kailangan niyang pirmahan.



Nakatulog si Mike sa paghihintay sa doktor. The sound of the doorbell woke him up. Pinilit niyang tumayo kahit na parang hindi niya kaya.

“Oh my goodness, ano’ng nangyari sa ’yo, Sir?” bulalas ni Ann nang makita ang kanyang hitsura.

“Sino siya?” tukoy niya sa kasama nito. He felt dizzy at para siyang matutumba. Agad naman siyang sinakloloohan ni Ann at ng kasama nito.

“Si Dr. Ramirez, Sir. Out of the country po kasi ang family doctor n’yo,” sagot ng dalaga.

Itinuro niya ang kanyang kuwarto at inalalayan siya ng dalawa patungo roon.

Pagkatapos siyang suriin, iminungkahi ng doctor na magpa-medico legal siya sa ospital na nagsasagawa ng ganoon upang makapagsampa siya ng kaukulang reklamo. Pero dahil hindi pa sigurado si Mike sa gagawin at hinang-hina pa siya ay pinili niyang ipagpaliban muna ang sinabi nito. Sinabi nitong iiwan nito sa sekretarya niya ang mga painkillers na kailangang bilhin at ang iba pang bilin.

Nang magising siya, nakaupo si Ann sa tabi ng kanyang kama.

“Sabi ng doktor wala naman daw broken bones,” anito, malungkot ang mukha. “Walang major injuries, pero gusto niyang ma-examine sa ospital ang ulo mo. Masakit pa ba?”

May concern sa mga mata ng babae habang kinakausap siya. He felt warm inside.

“Saka na lang. Hindi naman masyadong malakas ang palo sa ulo ko, just enough to knock me out for a while. Ayoko rin ng gulo kaya nagdadalawang-isip pa akong mag-report sa mga pulis. Right now, I don’t want anyone to know about what happened to me. Can I trust you on this?”

Tila napipilitang tumango si Ann. “Pero baka maulit lang ito kung tatahimik ka lang,” giit nito.

“Hindi. Magpapaimbestiga ako. Dadagdagan ko ang pag-iingat. Kung kailangan kong kumuha ng bodyguard, gagawin ko. Personal ang rason kung bakit ako binugbog. Or it could be a case of mistaken identity. Anu’t anuman, wala silang balak na patayin ako.”

“Nga pala, mabuti pa kumain ka muna. I raided your ref to cook something for you.”

“Oh, thank you. Actually, gutom na gutom nga ako.”

“Nabili na rin ng driver iyong gamot na inireseta ng doctor. Hindi ko na muna siya pinaalis, baka kasi ’ka ko may ipag-uutos ka pa, Sir.”



Dinalhan siya ni Ann ng pagkain sa kanyang silid. Ipinagluto siya nito ng *arroz caldo*. Naisip ni Mike na maaasahan talaga ang dalaga. Sinubuan siya nito dahil hindi niya magawang hawakan nang maayos ang kutsara. Hindi siya makatingin dito habang pinapakain siya, medyo nahihiya siya. But in all honesty, it felt good to be pampered by her. Wala pa kasing gumawa sa kanya ng ganoon.

“Ibinilin pala ni Dr. Ramirez na mas maganda kung may private nurse ka habang nagpapagaling,” she said matapos siyang kumain.

“Hindi na. I think I can manage,” tanggi ng binata. “I feel better already,” paniniyak niya nang tila di ito kumbinsido.

“Okay.”

“For the meantime, ihatid mo muna rito iyong mga trabahong kailangan kong tapusin araw-araw,” utos niya.

“Sir?”

“I am fine, Ann. Huwag kang masyadong mag-alala.” Sinikap niyang ngumiti. “Salamat. I don’t know what I would have done without your assistance.”

“Papayag lang akong gawin iyon kung bukas na bukas ay ipapatingin natin sa ospital iyang ulo mo. Delikado iyan. Ayoko pang mawalan ng boss at trabaho.”

Parang sumakit ang mukha at buong katawan niya nang matawa siya. “Deal.”

After one week, back to work na agad si Mike.

Wala siyang malubhang head injury pero hindi yata niya makakalimutan ang kanyang dinanas.



Chapter Two



Nag-overseas call ang daddy ni Mike at sinabi nitong kung wala siyang nobya ay may ipapakilala ito sa kanyang ‘nice girl’ pagdating nito. He didn’t like the sound of it. Irereto na naman siya. Nagawa na nito iyon noon at nagsisisi pa rin si Mike kung bakit pinagbigyan niya ang ama.

Kaya sinabi niyang may nobya na siya kahit three months ago pa ang huli niyang relasyon. Alam niyang nais talaga nitong lumagay na siya sa tahimik upang magkaapo na ito, gayundin ang kanyang stepmom.

Naalala niyang may pupuntahan siyang party mamayang gabi. Tamang-tama ang okasyon para *ipakilala* ang *girlfriend* niya. Tinawag niya si Ann sa pamamagitan ng intercom.

“Sir?”

“I need you to accompany me sa isang cocktail party tonight. Mag-observe ka sa mga babaeng a-attend doon, inform me later on kung sino sa kanila ang may magandang pag-uugali at iyong hindi sobrang maarte. At least, give me a shortlist. Kayang-kaya mo iyan, right?”

“Mga babaeng pasado sa standards na ibinigay mo?” She looked incredulous.

Standards ng daddy niya, to be exact, pero hindi na iyon kailangang malaman pa ni Ann. “May bonus

ka pag nagawa mo.”

Nasa mukha ni Ann ang curiosity, pero hindi ito nagtanong.

“Please say yes,” he said.

“I’m not one para tumanggi sa ekstrang pera. Sure, kayang-kaya ko, Sir.”

“Good,” he said, smiling.

“S’an pala iyong party, Sir. Do I need a special pass or do I just—”

“Susunduin na lang kita para sabay na tayo,” aniya. Natigilan ito at napaisip si Mike. “Natatakot ka bang baka ma-misunderstood ng nobyo mo at magalit siya?”

Natawa si Ann. “Naku, Sir, wala po akong nobyo. Naisip ko lang na baka less hassle sa inyo kung magkahiwalay tayong pupunta.”

For some reason that Mike could not explain, nakahinga siya nang maluwap sa sinabi nito.

“Ganoon naman pala, di walang problema kung susunduin kita.”

Napakagat-labi ito at napatango. Dumapo ang paningin niya sa mapula nitong mga labi. He felt the urge to kiss those full, ripe lips.

“That’s all,” mabilis niyang dismiss, bago pinaikot ang kanyang executive chair para talikuran ito bago pa siya tuluyang matukso.



Parang dinudurog ang puso ni Ann habang nakikipag-usap siya kanina sa kanyang boss, at maging nang makalabas na siya ng opisina

nito. Parang hindi na iyon mabubuo pang muli. Nakapagpanggap siyang mabuti sa harapan ng amo, ni hindi yata siya kumurap. Pero sa loob ay hinanghina siya. Siya pa mismo ang in-assign nitong magbigay ng shortlist ng possible suitable girlfriends nito?

Napasimangot siya. Nahihirapan na nga siyang itago ang damdamin, siya pa mismo ang gusto nitong gumawa ng paraan para magka-lovelife ito. How ironic.

Well, gagawin niyang mabuti ang ipinag-uutos ng amo. And maybe, kapag may nobya na ito, baka tumigil na rin ang kabaliwan ng kanyang puso. Hindi niya rin maintindihan ang kanyang sarili. Bakit si Mike pa?

Napilitan siyang isuot ang tanging eleganteng bestida na mayroon siya para sa party na dadaluhan nila ni Mike. Nag-offer ang lalaki na puwede siyang bumili ng maisusuot pero tumanggi siya at sinabing hindi niya ito ipapahiya.

Wala siyang magagawa kung hindi siya maganda. Mahaba at makintab ang kanyang buhok, pero kulot kaya lagi niyang ipinupusod. Laging sinasabi ng mga roommates ng dalaga na nakadagdag sa kanyang edad ang suot niyang salamin sa mata, pero hindi siya masyadong komportable sa contact lens. Matangkad siya at slim, bagay na kinaiinggitan ng iba, na madalas ipinagtataka niya. Ano ba ang kainggit-inggit sa kanya?



It was a charity event. Medyo marami nang tao sa function hall ng sikat na hotel nang dumating sila. Sinundo niya ang sekretarya, gaya ng napag-usapan. He ushered Ann into their table.

Binalingan siya nito. “I think, Sir, mas okay kung iiwan mo ako dito. Mas feel kong magtrabaho na walang nakabantay sa kilos ko. Bukas ko na lang ibibigay ang listahan.” Tumalikod na ito at naglakad palayo bago pa siya nakasagot.

Nakasunod ang tingin niya kay Ann nang tabihan nito ang dalawang may pagka-demure na babae habang nag-uusap ang dalawa. Nanuyo ang lalamunan ni Mike nang tanggalin ng sekretarya niya ang suot nitong jacket.

His secretary was wearing a cocktail dress that looked really sensational on her! Sanay kasi siyang naka-formal corporate attire ito araw-araw. She folded the jacket in her arm. Napatitig siya sa maputing likod ng dalaga while she walked across the hall. She looked seductive and classy at the same time. Bagay na bagay sa katawan nito ang tabas ng damit.

She’s unbelievably sexy, naisip ni Mike.

She’d probably look even better kung nakalugay ang buhok nito at hindi suot ang old style na eyeglasses.

Agad lumapit si Alesi Cruz sa kanya nang makita siya nito.

“Don’t tell me na nag-iba na ang taste mo,”

bulong ni Alesi sa kanya, nakasunod ang tingin nito kay Ann.

Panandalian niyang naging nobya si Alesi. Ngunit panay pa rin ang pakikipaglapit nito sa kanya kahit hiwalay na sila. Nais nitong makipagbalikan pero hindi na siya interesado. Minsan sumasagi sa isip niya kung ito ba ang dahilan kaya nabugbog siya.

“That’s Ann, my executive secretary. Kasama ko siya for a reason,” sabi ni Mike, para lang huwag maging bastos.

“Hindi bilang date, I’m sure. Anyway, halika mag-join tayo sa iba nating kakilala,” she said.

Nagpahila siya, ayaw ipahiya ang babae. He was hoping to see Tony or Olsen, ngunit wala roon ang dalawa. At gaano man niya pigilan ang sarili, laging hinahanap ng kanyang paningin si Ann. Nakita niya itong nakaupo sa likuran ng isang grupo ng kababaihan.

May lumapit na lalaki rito at naupo sa tabi nito. Si Arthur. Kilala niya ito, matinik ito sa babae. Ann would be an easy prey for him. At naiinis siya na mukhang nag-e-enjoy ang secretary niya sa company ni Arthur.

“I have to say, may appeal ang empleyada mo para makuha niya ang atensyon ni Arthur,” tila nang-uuyam at di-makapaniwalang sabi ni Alesi. “Hayaan mo na siya. Hindi siya pababayaang ng isang ’yan.”

“Actually, I need to talk to her. Please excuse

me.” Iyon lang at iniwan na niya ang babae.

Bago pa siya makalapit sa table ni Ann ay nakaalis na si Arthur.

“Akala ko hindi ka na tatantanan ng taong iyon,” mahinang pahayag niya nang maupo sa tabi ng dalaga.

Umusod ito upang bigyan ng space ang upuang hinila niya. “Babalik ’yun. Kumuha lang ng inumin,” sagot ni Ann.

“I was worried nang makita ko kayong masayang nag-uusap. Alam ko ang reputasyon niya pagdating sa babae.”

“Huwag kang mag-alala, I can take care of myself,” she assured him with a smile.

Ngayon lamang napansin ni Mike na may maliit palang dimple si Ann sa kanang pisngi kapag nakangiti. He stared at her and discovered she was staring at him, too. Ito ang naunang nag-iwas ng tingin at tila hinanap si Arthur mula sa karamihan. Napansin niya ang pamumula ng dalaga.

“Masaya bang kausap si Art?” Even to himself, Mike sounded jealous. Agad siyang tumikhim.

“May sense siyang kausap. Nga pala, kung nakita mo na ang babaeng hanap mo, you think puwede na akong umuwi?”

“No, hindi ko pa siya nakikita at ayoko pang umuwi ka.” Natahimik si Mike saglit sa inamin. “Gusto lang kitang balaan tungkol sa lalaking iyon,” aniya.

“I know how to deal with him. Mas mabuting

balikan mo na iyong babaeng kadikit mo kanina. Baka siya ang sagot sa hinahanap mo.”

“Si Alesi? Imposible. Kilala ko siya. Hindi siya pasado.”

Noon lumapit sa mesa nila ang hosts ng charity event at napilitan si Mike na sumama sa mag-asawa nang i-excuse siya ng mga ito kay Ann.

“I’ll be back. Ako ang maghahatid sa ’yo pauwi,” aniya bago tuluyang umalis.



Lalapitan na sana ni Mike si Ann nang abalihin siya ni Alesi.

“Hey, Mike, looking for me?” malambing na tanong nito.

Napansin niya ang isang lalaki mula sa di kalayuan na madilim ang mukha habang nakamasid sa kanila. Bigla siyang kinutuban. Parang pamilyar ito.

“Hinihintay ko si Ann, Alesi. I’m sure may kasama ka papunta rito, at naghihintay siya para ihatid ka pauwi.” Makahulugan siyang tumingin sa direksyon ng lalaking nakatingin sa kanila.

Sinundan ni Alesi ang tingin niya bago muling humarap sa kanya. “Oh, that’s just Mark Ignacio. Childhood friend ko. I was hoping I could ride with you tonight.”

“No, I’ve got other plans.” At dumistansya na siya rito.

Gumaan ang pakiramdam niya nang makita si Ann ngunit napasimangot siya nang makitang

nakahawak sa baywang nito si Arthur. Lumiwanag ang mukha ng dalaga nang makita siya. She moved away from Arthur.

“Where’s your girlfriend, Mike?” tanong ni Arthur nang makalapit siya sa mga ito.

“Actually, I’m waiting for Ann. Ihahatid ko kasi siya pauwi. I brought her here kaya ako rin ang maghahatid sa kanya pauwi. Do you have a problem with that, Art?”

“That depends kung sasama si Ann sa ’yo,” sagot nito at saka binalingan ang dalaga. “Gusto sana kitang ihatid, Ann.”

“Thanks for the offer, Arthur, pero I think it’s just right na siya ang maghatid sa akin pauwi. Good night.”

“Good night,” anito at iniwan na sila.

“Thank you for saving me,” sabi ni Ann.

“Wala talaga akong tiwala sa Arthur na ’yun.” Pareho silang tahimik habang nagmamaneho siya.

It was Ann who broke the silence. “I was hoping na ikaw na mismo ang makahanap ng girl na pasado sa standards mo.”

“Those aren’t *my* standards.”

“Ah, kanino pala?”

“My dad’s.”



Chapter Three



Ann was taking dictation from Mike that Tuesday morning. Naibigay na niya rito ang listahang hinihingi nito at hindi naman umimik ang binata tungkol doon.

It was inexcusable how she would steal glances at him kapag hindi ito nakatingin sa kanya. She could only marvel how she managed to take down his instructions without mistakes.

He suddenly looked up at ibinigay sa kanya ang napirmahang papers. Habang tumatagal, parang lalo lamang lumalalim ang nadarama niya para sa amo. She couldn't look at his eyes for fear that he'd see the feelings in her heart.

"Hey, Ann, are you okay? Parang namumula ka," she heard him say.

She courageously looked up at him. "Ah... I'm sorry. Medyo masama lang ang pakiramdam ko kanina, but I'm better now. Kung wala ka nang ipapagawa, Sir, babalik na po ako sa desk ko," she said, trying to escape his stare.

"Oh, sure, you can go."

Mabilis siyang lumabas sa opisina nito.



Bisita ni Mike si Tony pagdating ng hapon. Gusto nitong mag-invest sa isang resort at ineengganyo siyang magtayo ng restaurant doon. Si Olsen naman

ang inaaya nitong mag-takeover at mag-renovate sa hotel na dati nang naroon.

Alam na ng dalawa niyang kaibigan ang dilemma niya tungkol sa paghahanap ng babaeng ‘pasado’ sa standards ng kanyang ama.

“Pinagpustahan n’yo ako ni Olsen?” sita ni Mike.

“Bakit hindi? Sabi ko, pag may naiharap kang babae kay Tito Mario, siya ang bahala d’un sa ibinibentang hotel d’un sa resort,” sagot ni Tony.

“Ah, salamat naman sa kumpyansa mo sa ‘kin.”

“Ibig mong sabihin wala ka pang nakitang solusyon? Naku, Mike, huwag mong sabihing humihina na ang diskarte mo.”

Noon pumasok si Ann dala ang mga papeles na ipinakuha niya. Kimi nitong binati si Tony na matamis na ngumiti rito. Nakalabas na ang dalaga ay nakahabol pa rin ang tingin ni Tony rito.

Mike’s brows furrowed. “Bakit ganoon ka makatingin sa kanya?”

“She’s very... nice and apparently efficient in her job,” komento nito. “Bukod d’un, maganda rin siyang tingnan,” anito nang humarap sa kanya.

Medyo hindi niya nagustuhan ang sinabi nito. “May iba ka bang gustong iparating?”

“Kulang lang sa pag-aayos sa sarili. Pero may ibubuga.”

“What are you getting at, Tony? Kung may masama kang balak, huwag mo nang ituloy. Ako ang makakalaban mo,” kontra niya agad.

“Whoa. S’an galing ang protectiveness na ’yan?”

Saka huwag kang mag-alala. Hindi ko tataluhin si Ann. Roommate niya ang ex-ko.”

Mike scoffed. “Hindi ka pa rin yata nakaka-move on sa ex mo na ’yon. Lagi mo pa ring nababanggit kahit may iba ka na. Or should I say *iba-iba*.”

Siyempre, alam niyang may katotohanan ang sinabi ni Tony. Ngayon kahit naka-simpleng business attire lang si Ann, everytime he would look at her, naaalala niya ang suot ng dalaga noong nagpunta sila sa cocktail party.

“Hindi mo ba naisip na si Ann ang tipo ng babae na aaprubahan ng daddy mo para sa ’yo?” kalahating saad ni Tony.

Hindi siya kaagad nakabawi. “Alam ni Ann ang tungkol dito. In fact, siya ang una kong sinabihan ng problema. You think she’d appreciate it kung sa kanya ako hihingi ng tulong?”

“Bakit ako ang tinatanong mo? At least, alam niya na wala siyang aasahan. O wala nga ba?” panghuhuli ni Tony.

“Shut up, Tony.” Pero may punto ang kaibigan, siguradong matutuwa ang daddy niya kung kagaya ni Ann ang iaakyat niya sa bahay nila. “If I know, gusto mo lang manalo sa pustahan n’yo ni Olsen.”

“That’s beside the point. Isipin mo na lang na tinutulungan kita. Ilang araw ba si Tito Mario dito sa Pinas?”

“Sabi niya three weeks.”

“Subukan mong kausapin si Ann. She’s the best option. Offer her something she’d find very hard to

refuse to para mapapayag siya.”

“Hindi ba parang pang-aabuso na pag ginawa ko 'yun?”

“Subukan mo lang kausapin. Kung ayaw niya talaga, wala kang magagawa. Anyway, I'm surprised na parang walang talab kay Ann ang charm mo. You think lesbian siya?”

“Stop fantasizing about my secretary that way, Tony. Mabuti pa bumalik ka na sa opisina mo. Baka pag nagtagal ka pa, eh, tanggihan ko nang ni hindi kumukurap iyang business proposal mo.”

That night, iniisip pa rin niya ang sinabi ni Tony. Nag-aalala siya na masira ang business relationship nila ni Ann. Baka mawalan siya ng magaling na sekretarya. Papayag kaya ito sa *kalokohan* niya? Hindi pa man ay nagi-guilty na si Mike na gamitin ito.



Before lunchtime, in-inform si Ann ng kanyang boss na lalabas ito. She stared at his retreating back habang paalis ito. Napabuntong-hininga siya. If only she could forget about her feelings for him. Ang magagawa na lang niya ay panatilihing nakatago ang damdamin niya rito. She would die first bago niya ipahiya ang sarili sa harapan ng boss.

Around two in the afternoon na ito bumalik sa office. “Good afternoon, Sir,” she greeted him politely.

“Good afternoon, Ann. May importante ba akong tawag?”

“Nasa note ko po sa desk n’yo ang contact number, si Mr. Rafael Rodriguez po. Subukan daw po niyang mag-return call.”

“Ako na mismo ang tatawag sa kanya,” he said, smiling.

Mike informed her afterward na darating si Mr. Rodriguez, at patuluyin na lamang ang lalaki sa office nito.

Ganoon nga ang ginawa ng dalaga. Nang dumating ang matanda, kumilos na siya para ihanda ang kape na ihahatid niya sa mga ito.

Mike smiled when Rafael entered the door. It had been months mula nang huli silang nagkita. Nagkausap sila sa phone pero hindi nito binanggit ang sadya.

“Ninong, kumusta?” He gave the man a hug. “Pasensya ka na kung hindi kita nabibisita lately. Please, maupo ka.”

“It’s okay. Alam ko namang busy ka.”

Napakamot siya sa batok. “But I have time for you now, Ninong. Gusto ninyong kumain tayo sa labas?”

“No need, Son. Gusto ko lang talagang makita ka.”

Inaya niya itong maupo sa sofa sa silid niya at nagpaunlak ito. “I really appreciate the thought, Ninong. Kumusta na ba?”

“Mabuti. Nabanggit kasi ni Kumpare that you are in a serious relationship now. Do I know the girl? Parang anak na rin kita, alam mo ’yan,” maliwanag

ang mukhang saad nito.

Medyo nabigla si Mike na idinamay ng daddy niya ang kanyang ninong. Pinamamanmanan kaya siya ng ama kung totoo ang sinasabi niya?

“Ah, Ninong...”

Noon may kumatok at pumasok si Ann dala ang tray ng mainit na kape na hiningi niya.

Di sinasadyang napatitig siya sa mukha ng babae at sa mga labi nito. Hindi niya alam what made him stare at her that way. Parang mula nang gabing nakasama niya ito sa party ay lagi na niyang naiisip ang mukha nito.

“Magpapaakyat po ba ako ng sandwiches from the cafeteria, Sir?” he heard her say as she lowered the mug on the coffee table.

Hindi agad siya nakasagot, nanatili lamang siyang nakatitig dito.

Namula ang empleyada at nangunot ang noo. “Sir?”

Tumikhim ang ninong niya. Napakurap si Mike at nabalik sa reyalidad. “Oh, Ann, this is Mr. Rafael Rodriguez,” he introduced. “He’s my godfather.”

“Pleased to meet you, Sir.” She extended her hand for a handshake.

Tumayo ang ninong niya at dalawang kamay na ginagap ang palad ni Ann. “Hello, Hija. Bagong sekretarya, I see. Talaga bang walang tumatagal na empleyado sa ’yo, Mike?” biro ng matanda, at nakangiting binitawan ang kamay ni Ann. “I hope magtatagal ka sa kompanyang ito, Ann.”

“Opo, Sir. Gusto ko po ang palakad ng inaanak n’yo. Mahusay po siyang boss.”

Tumingin sa kanya ang ninong niya. “Is she the one?” tanong nito.

“The one?”

“The girl we’re talking about,” sagot nitong nakangiti. “Ang babaeng ihaharap mo sa iyong ama. I can see that this girl is really special to you.”

“Oh, about that—” Hindi na natapos ni Mike ang sasabihin dahil nagsalita na muli ang ninong niya.

“So, ikaw pala ang girlfriend ni Mike. Ikinagagalak kitang makilala, Hija,” anito. “Kaya naman pala nagagawang pagtiyagaan ng batang ito ang ugali mo, Mike. I think mahal ka talaga niya.”

Pagtingin ni Mike sa sekretarya, Ann looked shocked. She was speechless. Nanlaki ang mga mata nito.

Saka lang ito napatingin sa kanya, di pa rin makapagsalita.

“Ninong, nagkakamali po ka—”

Pero nagmistulang bingi ang nakatatandang lalaki. “Oh, please. Don’t bother denying your feelings. Nakita ko kung paano kayo tumingin sa isa’t isa. Mike, Hijo, nag-aalala ka ba na hindi magugustuhan ng daddy mo kung sa isang empleyado mahuhulog ang loob mo? Well, ako na ang nagsasabi sa ’yo, matutuwa sa ’yo ang daddy mo kapag ipinakilala mo si Ann sa kanya,” his ninong said, amused.

Ann gasped. “Pero, Sir...”

“Don’t worry, Hija. I’m pretty sure na tanggap ka ni Kumpareng Mario. Sa wakas ay nakapili na rin si Mike ng mamahalin niya.” Nagkibit-balikat ang matanda. “Mabuti naman at nakita ko ang ipinunta ko rito.” Nag-ring ang phone nito. “I’m sorry, Mike, pero mukhang di ako puwedeng magtagal today. May nakalimutan yata akong appointment. But I’ll be seeing the two of you soon, okay?”

Nakaalis na ang matanda bago pa may nakahirit sa kanilang dalawa. Napaupo si Ann sa sofa at napatingala sa kanya.

“Is that what I think it is?”

“I’m sorry. Akala yata ni Ninong ikaw ang nobya ko.”

“That’s ridiculous,” Ann said, blushing.

“Apparently, tinawagan siya ni Dad at binanggit ang tungkol sa nobya ko. Kaya lang pala siya nagsadya dito ay para malaman kung sino ang babaeng ikinuwento ko kay Daddy.”

Napabuntong-hininga si Ann. “Well, puwede mo naman siyang tawagan para sabihin na nagkamali siya.”

“I can do that, yes, pero wala pa akong maibibigay na pangalan ng nobya ko.” Naupo si Mike sa tabi ng sekretarya.

“Ganito na lang, Sir, since parang hindi ka masaya sa listahan na iniabot ko sa ’yo at mukhang wala kang napili d’un, ibabalik ko na lang iyong ibinayad mo.”

“No!” Sinikap niyang kumalma. “Please, Ann,

let's not talk about that. Hindi pera ang isyu rito, at hindi rin naman kawalan sa 'kin ang ibinayad ko sa 'yo. I gave you a job at ginawa mo. Fair lang na bayaran ko ang effort mo, right?"

She sighed again. "If there's any way I could help..."

"Thank you, Ann. I promise, hindi ko hahayaan na masabit ka sa gulong ito," ani Mike.

Tumango si Ann. Napatingin siya sa kape na lumamig na. "Ilalabas ko na po ba ang coffee n'yo, Sir?"

"Let the janitress do it," sagot ng boss niya.

Tumayo siya at nagpaalam na rito para bumalik sa kanyang mesa.



Kinabukasan, ready nang umuwi si Ann nang papuntahin siya ni Mike sa opisina nito. Maghapon silang hindi nagkita dahil maraming meetings ang lalaki sa labas. At nang dumating nga ito ay magta-time out na siya.

Kumatok siya sa office nito bago tumuloy d'un. "Sir?"

Nakatayo ang lalaki sa gilid ng desk nito. "Pauwi ka na?"

"Opo sana. May ipapa-rush po ba kayo?"

Napakamot ang lalaki sa batok. "Alam kong nangako ako na hindi kita idadamay sa problema ko..."

"Tungkol po ba d'un sa suitable girlfriend n'yo?"

Tumango ito. "Nag-overseas call kasi ang tatay

ko, at naibalita na pala kaagad sa kanya ni Ninong Rafael ang tungkol sa 'yo." Itinuro niya ang sofa. "Maupo ka muna, Ann, mag-usap tayo."

Tumalima si Ann at pumuwesto sa kabilang dulo ng sofa. "Akala niya ako ang nobya mo?"

"Iyon ang alam niya. Nag-exaggerate si Ninong at sinabing may plano na tayong magpakasal." Naupo si Mike sa armrest ng sofa at bahagyang pumaling sa kanya.

Pakiramdam ni Ann ay nawalan ng kulay ang mukha niya. "I don't know what to say."

"I'm really sorry, Ann, pero kailangan ko ulit ang tulong mo. The moment my father learns na wala talaga akong ihaharap sa kanya, ipipilit niya sa akin ang isang babae na alam kong hindi ko magugustuhan. Not... that I like you. I mean, I like you, yes, pero at least, kung ikaw ang kasama ko sa relasyong ito, wala tayong expectations sa isa't isa, hindi ba? Ayokong makasakit ng ibang tao, na siyang mangyayari kung umaasa sa akin iyong babaeng irereto ni Daddy o kung may iba palang gusto iyong babaeng iyon. Will you help me, Ann?"

"Are you serious?"

"I'm asking you, aren't I? Desperado na ako. As I've said, kilala kita. Alam kong hindi ka magti-take advantage sa sitwasyon, at kilala mo rin ako. Now forgive me kung hindi ko natupad ang pangako ko sa 'yo na hindi kita idadamay dito, pero sana maintindihan mo. Consider this as part of your job—"

“Please, huwag na muna nating pag-usapan ulit ang trabaho at pera.” Parang naiiritang napapikit si Ann. “Okay, let me think about it. Although, nasisiguro ko sa ’yo na hindi ako magaling magpanggap.”

“Don’t worry about that.”

“Wala ka na ba talagang ibang option?”

Umiling ito. “Please help me, Ann. Kahit anong pabor, gagawin ko para sa ’yo.”

Bumuntong-hininga si Ann. “Can’t you just tell your dad na ayaw mo ng gan’ung setup?”

“Matanda na ang tatay ko, Ann, at gusto ko lang na mapasaya siya.” Naging malamlam ang mga mata ng kaharap. “Please save me, Ann.”

“As I’ve said, hayaan mong pag-isipan ko muna. Magpapaalam na ako, Sir.”

Bagsak ang mga balikat na tumango si Mike bago tumayo para maayos na makadaan si Ann. Hindi sanay si Mike na tinatanggihan ng babae pero hindang-hindi niya gagamitin ang posisyon para makuha lang ang gusto.

